



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Oktubre 30, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Ang panahon ng Spare the Air (Iligtas ang Hangin) sa Taglamig ay magsisimula sa Nobyembre 1

SAN FRANCISCO – Inaanunsiyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District, BAAQMD) ang pagsisimula ng panahon ng Spare the Air sa Taglamig sa Huwebes, Nobyembre 1.

Tulad ng usok sa wildfire sa buong taon, ang usok ng kahoy ay mapanganib sa hininga. Ang kalagayan ng panahon ng taglamig ay maaaring magkulong sa pagsunog ng kahoy sa tahanan sa paligid ng bahay at dagdagan ng polusyon ng pinong particle na mabubuo sa loob at labang mga tirahan.

Tumatawag ang Air District ng Alerto na Spare the Air sa Taglamig kapag ang kalidad ng hangin ay nahulaang hindi mabuti sa kalusugan dahil sa mga pinong Particulate na polusyon, pangunahin mula sa usok mula sa kahoy. Kapag may pinatutupad na alerto, ilegal na magsunog ng kahoy, mga manufactured na panggatong na kahoy o anumang ibang solidong panggatong, sa loob at labang sa Bay Area ng buong 24-oras sa panahon ng Iligtas ang Hangin sa Taglamig mula Nobyembre 1 hanggang Pebrero 28.

“Lahat ng tao sa Bay Area ay nakaramdam ng epekto ng usok mula sa mga wildfire sa taong ito na makakatulong sa ating makilala ang epekto ng pagsunog ng kahoy sa kapitbahayan natin sa taglamig,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang usok mula sa kahoy mula sa mga tsimineya at kahoy na kalan sa Bay Area ay patuloy na pinakamalaking pinagkukunan ng pagpaparumi sa hangin sa panahon ng taglamig sa rehiyon at maaaring magdulot ng hangin na hindi malusog para sa mga residente sa nakapalibot na komunidad pati na sa loob ng bahay.”

Simula sa Nobyembre 1, ang mga kasera sa mga lugar na may serbisyong likas na gas ay kailangang magbigay ng klase ng init maliban sa aparatong pagsunog ng kahoy sa mga tenant nila.

Ang mga malalamig na temperatura at kalmadong hangin sa panahon ng taglamig ay maaaring magdulot ng pagbuo ng usok sa buong Bay Area, nagdudulot ng kalidad ng hangin na hindi mabuti sa kalusugan sa mga kapitbahayan. Tumatawag ang Air District ng Alerto na Iligtas ang Hangin sa Taglamig sa susunod na buong araw sa kalendaryo kapag ang kalagayan ng panahon ay nahuhulaang ikukulong ang polusyon nang malapit sa lupa at magiging sanhi ng hangin na hindi mabuti sa kalusugan. Ang likas na gas, propane o mga de-koryenteng tsimineya ay hindi nagdudulot ng usok na hindi mabuti sa kalusugan sa hangin at maaaring gamitin sa panahon ng Alerto na Spare the Air sa Taglamig.

Maaaring tumawag ang Air District ng Alerto na Spare the Air sa Taglamig ng hanggang tatlong araw bago pa man para maiwasan ang pagkakaroon ng pagpaparumi sa hangin at paglagpas sa mga pederal na pamantayan. Sa panahon ng alerto, ang paggamit ng mga aparatong pansunog ng kahot tulad ng mga tsiminea, mga pellet na kalan, mga kahoy na kalan at nasa labas na mga fire pit ay ilegal. Sa San Francisco, pinagbabawal din ng National Park Service ang mga panlibang na apoy sa dalampasigan sa Ocean Beach sa Golden Gate National Recreation Area hanggang sa katapusan ng Pebrero.

Ang pagkakalantad sa usok ng kahoy ay iniugnay sa mga malubhang karamdaman sa paghinga at mataas na panganib ng mga atake sa puso. Tulad ng usok ng sigarilyo, ang usok ng kahoy ay naglalaman ng maraming bagay na nagdudulot ng kanser, tulad ng Particulate matter at carbon monoxide, na ginagawang mapanganib sa paghinga ang hangin. Ang polusyon mula sa usok mula sa mga tsiminea ay nabubuo sa loob ng mga tahanan pati na sa mga bakuran at kapitbahayan. Ang pinong Particulate na polusyon sa usok ng kahoy ay lalong mapanganib sa mga bata, matatanda at mga may respiratoryong kundisyon.

Maaaring malaman ng mga residente sa Bay Area kung may pinatutupad na Alerto na Spare the Air sa Taglamig na pinatutupad sa pamamagitan ng:

- Pag-sign up sa mga text na alerto. Para mag-sign up, i-text ang salitang “START” sa numerong 817-57
- Pagtawag sa 1-877-4NO-BURN
- Pagbisita sa www.sparetheair.org o www.baaqmd.gov
- Sa pag-sign up sa mga awtomatikong e-mail na AirAlert sa www.sparetheair.org
- Sa pag-sign up para sa mga awtomatikong alerto sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-430-1515
- Sa pag-download ng Spare the Air iPhone o Android app

Ang mga lalabag sa Tuntunin ng Pagsunog ng Kahoy sa unang pagkakataon ay may opsiyong kumuha ng kamalayan tungkol sa usok ng kahoy para malaman pa ang tungkol sa mga epekto sa kalusugan mula sa usok ng kahoy at ang mga kondisyon ng panahon na humantong sa hindi magandang kalidad ng hangin sa taglamig. Ang mga lalabag na pipiliing huwag kumuha ng kurso ay makakatanggap ng \$100 na ticket. Ang mga lalabag sa pangalawang pagkakataon ay sasailalim sa \$500 na ticket, kung saan madaragdagan ang halaga para sa anumang mga susunod na paglabag.

Mayroon ding buong taong mga pagbabawal sa sobrang usok at pagsunod ng basura at ibang mapanganib na materyales tulad ng junk mail, plastik, mga paletang kahoy at mas marami pa sa mga tsiminea at mga kahoy na kalan. Ang mga residenteng nag-aalala sa plusyon sa usok ng kahoy ay maaaring tumawag sa 1-877-4NO-BURN o bumisita sa www.baaqmd.gov para magsampa ng reklamo o makakuha ng karagdagang impormasyon.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spare the Air, pumunta sa www.sparetheair.org.

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)